## Paunawa tungkol sa Kawalan ng Diskriminasyon

Ang Washington State Board of Health (Lupon ng Kalusugan ng Estado ng Washington) (Lupon) ay sumusunod sa angkop na pederal at pang-estadong mga batas sa mga kaparatang sibil tungkol sa kawalan ng diskriminasyon. Hindi kami nangdi-discriminate o namumuwera ng mga tao batay sa lahi, kulay, pananalig, bansang pinagmulan, katayuan sa pagkamamamayan o imigrasyon, edad, kapansanan, kasarian, pagpapahayag at pagkakakilanlan sa kasarian, seksuwal na oryentasyon, katayuan sa pagpapakasal, katayuan sa pamilya, relihiyon, katayuan bilang beteranong marangal na tinanggal sa trabaho o sa militar, o sa paggamit ng sinanay na asong gabay o nagseserbisyong hayop ng isang taong may kapansanan.

## Accessibility

Maaari kang humiling ng makatwirang access sa aming mga programa, serbisyo, pulong, at aktibidad. Ang Washington State Board of Health (Lupon) ay:

- Nagbibigay ng libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan para tulungan kaming epektibong makipag-usap sa iyo, gaya ng:
  - Kalipikadong sign language interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa ibang format (malaking titik, audio, mga accessible na elektronikong format, o iba pang format)
- Nagbibigay ng libreng serbisyo sa wika para sa mga taong hindi English ang pangunahing wika, gaya ng:
  - Kalipikadong interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa iyong wika

Sakaling kailanganin mo ang mga serbisyong ito, tumawag sa (360)-236-4110 o mag-email sa wsboh@sboh.wa.gov

## Accessibility at ang Americans with Disabilities Act (ADA)

Ang Washington State Board of Health (Lupon) ay naninindigang magbigay ng mga impormasyon at serbisyo na naa-access ng mga taong may kapansanan. Nagbibigay kami ng makakatwirang akomodasyon, at pinagsisikapan naming gawing accessible ang lahat ng aming pulong, programa, at aktibidad sa lahat ng tao, anuman ang kakayahan nila, alinsunod sa lahat ng angkop na pang-estado at pederal na batas.

Ang aming ahensiya, website, at online na mga serbisyo ay sumusunod sa mga pamantayan ng Americans with Disabilities (ADA, Batas sa mga American na May Kapansanan), Seksiyon 508 ng Rehabilitation Act of 1973 (Batas sa Rehabilitasyon ng 1973), Washington State Policy 188 (Polisiya ng Estado ng Washington 188), at sa Web Content Accessibility Guidelines (WCAG, Mga Alituntunin sa Accessibility ng Nilalaman ng Web) 2.0, antas AA. Regular naming sinusubaybayan ang tungkol sa pagsunod, at iniimbitahan namin ang aming mga user na magsumite ng hiling kung kailangan nila ng karagdagang tulong o kung gusto nila kaming abisuhan kaugnay ng mga isyu para mapabuti ang accessibility.

Naninindigan kaming magbigay ng access sa lahat ng indibidwal na pumupunta sa website ng aming ahensiya, kasama na ang mga taong may kapansanan. Kung hindi mo ma-access ang nilalaman ng aming website dahil sa isang kapansanan, kung may tanong ka tungkol sa accessibility ng nilalaman, o kung gusto mong mag-ulat ng problema sa pag-access ng impormasyon sa website na ito, tumawag sa (360) 236-4110 o mag-email sa wsboh@sboh.wa.gov at ilarawan ang sumusunod na mga detalye sa iyong mensahe:

- Ang uri ng iyong mga pangangailangan sa accessibility
- Ang URL (web address) ng nilalamang gusto mong i-access
- Ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan

Gagawin namin ang lahat ng makakaya namin para ibigay sa iyo ang hinihiling na impormasyon at iwasto ang anumang isyu sa pagsunod sa aming website.

## Makipag-ugnayan sa aming Tagapangasiwa ng ADA

Tagapamahala ng Komunikasyon
Washington State Board of Health
(360) 236-4110
wsboh@sboh.wa.gov
Maaaring i-dial ng mga TTY user ang 711

## Maghain ng reklamo o karaingan na kaugnay ng ADA

Ang sumusunod na tanggapan ay itinalaga para mangasiwa ng mga tanong at reklamo tungkol sa pinaghihinalaang diskriminasyon. Puwede kang maghain ng karaingan kung naniniwala kang nabigo ang Washington State Board of Health (Lupon) na ibigay ang mga serbisyong ito o kung nang-discriminate sila sa iba pang paraan batay sa lahi, kulay, pananalig, bansang pinagmulan, katayuan sa pagkamamamayan o imigrasyon, edad, kapansanan, kasarian, pagpapahayag at pagkakakilanlan sa kasarian, seksuwal na oryentasyon, katayuan sa pagpapakasal, katayuan sa pamilya, relihiyon, katayuan bilang beteranong marangal na tinanggal sa trabaho o sa militar, o sa paggamit ng sinanay na asong gabay o nagseserbisyong hayop ng isang taong may kapansanan:

Washington State Department of Health
Office of Civil Rights, Equity and Social Justice
Attn: Title VI Coordinator
PO Box 47890 Olympia, WA 98504-47890
Civil.Rights@doh.wa.gov

Puwede kang maghain ng reklamo tungkol sa mga usapin kung saan may pinaghihinalaang diskriminasyon na nangyari nang personal o sa koreo, fax, o email.

Puwede ka ring maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services (Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S.), Office for Civil Rights (Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil), sa paraang elektroniko gamit ang Portal para sa Pagrereklamo ng Office for Civil Rights, na makikita sa https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf (sa English), o sa koreo o telepono sa:

U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201
1-800-368-1019, 800-537-7697 (TDD) (Nagbibigay ng tulong sa wika)

Makikita ang mga form para sa pagrereklamo sa http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html (sa English).

**Mga Kaugnay na Link:**

Patakaran sa Privacy (sa English; sa Spanish)

Paunawa sa Ilalim ng Americans with Disabilities Act (sa English; sa Spanish)